

1

“Bustamante, laya ka na!” sigaw ng pulis habang binubuksan ang rehas na bakal. Mula sa pagkakayukyok sa isang sulok ay tumuwid si Alaric ng pagkakaupo. Nakamata sa kanya ang mga bilanggong kasama niya sa selda. Lumapit sa kanya ang nakilala niyang preso na si Tonyo.

“Buti ka pa, P’re!” anito na inalalayan pa siyang tumayo. Masakit pa rin ang katawan niya dahil sa tinamong mga suntok. But it was well worth it.

“Huwag kang mag-alala, P’re. Darating din ang panahon mo. Lalaya ka rin,” aniya na tinapik pa ang balikat nito. Nagpaalam na rin siya sa iba pang mga kasama niya sa selda.

Ang walang kangiti-ngiting mukha ng abogado ng pamilya ang sumalubong sa kanya.

“Let’s go!” mahina ngunit mariin nitong sabi.

Walang-imik siyang sumunod dito hanggang sa makasakay sila sa kotse. Kaagad niyang isinandal ang patang katawan at ipinikit ang mga mata. Masyadong crowded ang loob ng selda, kaya hindi siya nakatulog nang maayos.

“Alaric, I know it’s none of my business pero... bakit mo ba ginagawa ang mga kalokohang ito? Don’t you ever care how

your mother feels?”

He snorted and simply turned away. Wala siyang ganang makipag-usap. He had spent a weekend in jail at kahit hindi niya pinagsisihan ang dahilan ng pagkakakulong niya ng dalawang araw, he'd rather not go through that same experience.

“Kung hindi mo pa alam, your mother just suffered a nervous breakdown.”

That caught his attention. Bigla ay nangibabaw ang pag-aalala niya sa ina.

“How is she?”

The lawyer sneered at him. He could see traces of anger in his eyes.

“So you care, after all.”

“Of course I do. She's my mother!” he answered impatiently. Hindi umimik ang kanyang katabi. Isang malalim na buntong-hininga lang ang narinig niya mula rito. “So how is she?”

“Mabuti na ang lagay niya. Kasama niya si Ann,” tukoy nito sa personal assistant cum private nurse ng kanyang ina. “Wala ka nang dapat ipag-alala. Dr. Mercado assured me na hindi naman malala ang sakit ng mama mo. She's just overstressed. That's all.” The older man glanced at him briefly. Nakaramdam siya ng pagkapahiya.

Rhythm Of The Night - Doreen Laroya

Mula nang mamatay ang kakambal niya ay naging sakit ng ulo na siya ng kanyang ina. He had been in and out of trouble at hindi na rin niya mabilang kung ilang ulit na siyang muntik-muntikang makulong. Last Friday night ay hindi na siya sinuwerte.

He was enjoying a drink with a woman friend sa isang bar sa Taguig nang bigla na lamang silang lapitan ng isang lalaki. Pilit nitong hina-harass ang babaeng kasama niya. He tried to intervene pero siya naman ang binalingan nito. Napilitan na siyang gumanti lalo na nang lumapit na ang mga kagrupong nito na nagmamasid lang pala sa kalapit na mesa. It was technically self-defense. Pero dinampot pa rin siya at ikinulong ng mga pulis dahil higit na grabe ang tinamong pinsala ng nakalaban niya. What was worse, bigla na lang nawala ang babaeng pinag-awayan nila. Hindi kaagad nakapagpiyansa ang abogado nila dahil weekend at walang opisina ang mga court officials.

“Ano ba talaga ang nangyari, Alaric? How did you end up with a fistfight with Congressman Luciano’s son? The poor guy ended up with a broken rib. Mabuti na lamang at napakiusapan ko si Congressman na iurong ang demanda sa iyo.”

He scowled. Siguradong ginawa lang iyon ng kongresista dahil isang kilalang angkan ang mga Bustamante at malapit na ang eleksyon. Hindi tatanggihan ng kanyang mama ang anumang pabor na hihingin nito kung sakali kapalit ng hindi pagdemanda sa kanya.

He cursed inwardly. Muli ay binigyan niya ng dagdag na

alalahanin ang kanyang ina.

“Bakit ka ba nakipag-away sa lalaking iyon?”

“Hindi ako ang nauna, Tito Harry.” Ikinuwento niya rito ang nangyari.

“So, you played the proverbial knight in shining armor again.” Iiling-iling ito. “Hindi mo na lang sana siya pinatulan. Kilala namang basagulero din ang Thad Luciano na iyon.”

“Tito Harry, kung hindi ko siya pinatulan, baka ako ang may baling buto at naka-confine ngayon sa hospital.”

Napatawa ang abogado. Nagsimula na rin siyang mag-relax at di napigilang makitawa rito.

“Ikaw talagang bata ka.”

He eyed the older man with awe. For as long as he could remember, bahagi na ng pamilya nila ang abogado. Matalik itong kaibigan ng kanyang ama. And when his father died, higit itong naging malapit sa kanila, particular na sa kanyang mama. Ito ang nagsilbing father figure nila ni Alain habang lumalaki sila.

He held a certain fondness for his mother. Suspetsa nga niya ay may gusto ito sa mama niya but since she considered him a close friend, wala itong lakas ng loob na magtatapat.

“Thank you, Tito Harry. For bailing me out again. And sorry too.”

Tumingin ito nang may pang-unawa sa kanya at tinapik pa siya sa balikat.

“You know I’d fight for you hanggang kaya ng kakayahan ko, Alaric. Parang anak na rin ang turing ko sa iyo at hindi kita kayang pabayaang. Pero sa palagay ko, hindi ka sa akin dapat humingi ng tawad. I’m only doing my job, Son!”

May pagsang-ayon siyang tumango.

Nagmenor ang kotse at pumasok sa driveway ng isang mansion.

Isa ang pamilya Bustamante sa mayayamang angkan sa buong Pilipinas. His ancestors had made their fortune through shipping and manning companies. Sa panahon ng kanyang lolo ay nagawa nitong i-expand ang negosyo ng pamilya at pinasok na rin ang real estate. His father continued the legacy and had increased the family’s fortune twofolds.

Ngayong wala na ang kanyang ama, sa mga balikat naman niya nakasalalay ang ikalalago pa o ikababagsak ng kayamanan ng mga Bustamante.

Pagtapat sa double panel door na yari sa narra ay sabay silang umibis ng sasakyan ng abogado. Magkasunod din silang pumasok sa loob ng mansion.

“Ang mabuti pa’y umakyat ka na muna sa silid mo at magpahinga. Ako na ang magbabalita sa mama mo na narito

ka na. Tatawagan ko rin si Dr. Mercado para gamutin ang mga sugat mo.”

“Gusto kong makausap si Mama.”

“She’s probably resting in her room. Mamaya mo na lamang siya puntahan.”

He chose not to argue with Tito Harry. Batid niyang nasa katuwiran ito. He might just upset his mother kapag nakita nito ang hitsura niya.

Umakyat siya sa hagdanan upang magtungo sa kanyang silid. Nang makapasok doon, para siyang hinihila ng malambot niyang kama sa naramdaman niyang antok. Pumasok muna siya sa banyo para mag-shower. There, he saw his reflection on the bathroom mirror.

He looked like someone dragged out of hell!

Magulo ang may kahabaan at wavy niyang buhok. May bahid pa ng natuyong dugo ang kanyang pisngi. Halata pa rin ang pamamaga ng kaliwang pisngi niya. Putok ang isang gilid ng kanyang mga labi.

Alaric groaned. Padabog siyang naghubad at pumasok sa shower. Gusto niyang linisin sa katawan niya ang bakas ng nangyaring away at ang amoy ng selda. Hindi niya alintana ang pananakit ng ilang parte ng katawan.

Nang matapos ay nakadama naman siya ng kaunting

ginhawa.

Tapos na siyang maligo nang kumatok sa silid niya ang matandang doctor na ipinatawag ng kanyang Tito Harry.

Jenna was doing some warm-ups on the ballet barre. Naka-stretch ang kaliwang paa niya sa ibabaw ng stainless na tubo na nakausli sa salaming dingding. She bent her upper body so that her left hand touched her left toes. Paulit-ulit niyang ginawa iyon, shifting from her left leg to the right, hangga't hindi niya nararamdamang namimintig na ang mga muscles niya sa exertion.

“Stop ogling at my butt, Devin!” aniya makalipas ang kulang kalahating oras. Tagaktak na ang pawis niya. Someone laughed out loud from behind. Lumitaw ang childhood sweetheart niya at best friend na si Devin.

“Paano mo nalaman na ako ang nasa may pinto?” tatawawang tanong nito.

Jenna eyed him with scrutiny. Hindi pa rin ito nagbabago. He still had that mischievous grin and the glint in his eyes. His rugged good looks and easy-go-lucky attitude made him even more appealing. No wonder maraming babae ang nahuhulog ang loob dito. Mabuti na lang at matagal na niyang na-outgrow ang attraction niya sa binata. He was no more than a close friend now.

“Ikaw lang naman ang mahilig manilip sa akin,” sita niya,

nakataas ang isang kilay at nakapamaywang.

He placed both hands on his chest and gave out a loud, hurt groan.

“Sobra kang magsalita.”

Napahagikgik siya. “Bakit? Totoo naman, di ba? Naalala mo n’ung high school tayo?”

“Okay, okay!” anito na itinaas pa ang dalawang kamay, palms out, tanda ng pagsuko. “Huwag mo nang ipaalala.”

Muli, napahagikgik siya. Paano ba niyang makakalimutan ang insidenteng iyon? May swimming lessons sila kaya natural na lahat sila ay naka-swimsuit. Nahuli ng guidance counselor si Devin kasama ang dalawang kaklase na naninilip sa dingding ng indoor pool. Ang nangyari ay ipinatawag ng counselor ang mga magulang ng lalaki at ng dalawa pang kasama nito. Tandang-tanda pa niya kung paanong pinagalitan ng kanyang mommy si Devin noon dahil sa kalokohang ginawa nito.

“Wala man lang ba akong welcome hug? Kararating ko lang galing abroad.”

“Eh, kung tuktukan kaya kita? Noong makalawa ka pa dumating, di ba? Kasama pa nga ako sa sumundo sa iyo sa airport. And mind you, hanggang ngayon hindi mo pa ibinibigay ang pasalubong mo sa akin!”

Nagkamot ng ulo ang binata. “Oo na, ikaw talaga. Kahit

kailan hindi ako makalusot sa iyo.”

Tinawanan niya ang kaibigan. Dinampot nito ang tuwalyang nakasabit sa isang folding chair at iniabot sa kanya. Pinunasan niya ang pawisang mukha at katawan.

“How are you coping up?” tanong nito pagkatapos.

“You mean after the scandal?” matabang na balik-tanong niya. Nagkibit-balikat ang binata.

“I’m okay. They banned me from any professional competition. Pero hindi naman nila ako inalisan ng karapatang magturo. I teach dancing lessons now. And would you believe na may mga estudyante ako? May nagtitiwala pa rin naman pala sa akin, akalain mo?” she said with a hollow laugh.

Kahit limang taon na ang nakalipas, hindi pa rin siya tinatakanan ng pagkakamali ng nakaraan. Masakit pa rin sa kanya ang katotohanang kahit kailan ay hindi na niya magagawang sumayaw sa isang malawak na dance floor. Hindi na niya magagawang ipakita sa madla ang galing niya sa classical ballroom dance. And for a professional dancer like her, it was like a death sentence.

“Huwag mong maliitin ang sarili mo, Jenna. You’re one hell of a dancer. At kilala ko ang totoong Jenna. Hindi siya katulad ng mga dini-describe sa write-ups sa mga tabloid.”

Malungkot siyang napangiti.

“Hindi ko alam ang buong pangyayari. Pero base sa naikuwento sa akin ni Mama, you did it for a valid reason. Nagtataka nga ako sa iyo kung bakit hindi mo ipinagtanggol ang sarili mo. Kung malalaman sana nila ang totoo—”

“Thanks for your vote of confidence, Devin,” putol niya. “But it still won’t make a difference. Napanood on national TV ang ginawa ko at hindi iyon katanggap-tanggap.”

Napailing na lamang ito. Nakita niya sa mga mata ng kaibigan ang pagtutol sa katuwiran niya. Nakagaan ng kanyang loob ang wala pa ring bahid na tiwala nito sa kanya despite what she did.

“Hey, I’m okay. Masaya na ako sa buhay ko ngayon. And besides, technically, I still dance.” She held classes on weekdays. May session siya for teenagers and toddlers at kailan lang ay tumanggap na rin siya ng mga adult students.

“But it’s not the same. What about your dream? Malapit ka na, Jenna.”

Lumungkot ang kanyang anyo.

“I know. Pero ako naman ang may kasalanan. Hindi ko na mababago iyon. I guess, hindi talaga para sa akin ang pangarap na iyon. Kaya nga I opted to teach instead para kahit paano’y ginagawa ko pa rin ang bagay na malapit sa puso ko. Maybe someday one of my students will be able to succeed where I didn’t. Di ba parang ako na rin ang nagtagumpay kapag nagkaganoon?”

Rhythm Of The Night - Doreen Laroya

Napahinga na lang nang malalim si Devin sa katuwiran niya.

Dancing had been her life. At tama ang kaibigan, she was so close to realizing her dream, to be famous. Pero nawala sa kanya ang tsansang iyon dahil sa isang eskandalo.